THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

PNP PATROL Plan 2030 — OUR SHARED COMMITMENT

#PNPKAKAMPIMO

PHILIPPINE NATIONAL POLICE — SERVICE HONOR JUSTICE

Volume VI No. 14 * Abril 2 - 8, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 12 MENOR DE EDAD NAILIGTAS NG PNP; 2 TRAFFICKERS ARESTADO

sundan sa pahina 3






**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## CPNP: Pinaalalahanan ang hanay na tumalima at sumunod sa lahat ng polisiya ng PNP

sundan sa pahina 9

## Php20M halaga ng shabu nakumpiska; 2 suspek arestado ng Nueva Ecija PNP

sundan sa pahina 10

## Dalawang Gun Runner sa NegOcc, timbog ng PNP-CIDG

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Battered Woman Syndrome?**

Kinikilala ng Anti-VAWC Act ang matinding epekto ng pang-aabuso sa kababaihan, lalo na kung matagal na panahon na nilang nararanasan ito. May mga kaso kung saan ang matinding galit na tinimpi ng babae ay humantong sa kanyang pagpatay sa karelasyon dahil ito na lamang ang nakikita niyang paraan upang makawala sa pang-aabuso. Sa ganitong sitwasyon, maaaring gamitin bilang depensa sa korte ang battered woman syndrome upang mapawalang-sala ang babae. Ngunit kailangang mapatunayan muna sa tulong ng psychologist o psychiatrist ang kanyang pagkakaroon ng battered woman syndrome.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect
@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

**E - SUMBONG**

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Batang may Stage 4 Cancer, natupad ang hiling sa tulong ng Mactan PNP



**Mactan, Cebu - Nakibahagi ang ating mga kapulisan sa pagtupad ng isang munting pangarap ng isang batang may stage 4 cancer sa Mactan, Cebu nito lamang Martes, Abril 5, 2022.**

Si Ivan Mancia ay pitong taong gulang, taga Linao, Talisay City, Cebu na napag-alamang may stage 4 cancer (Lymph Nodes and Brain Tumor).

Si Ivan ay may munting kahilingan, ang makakita at makapaglarawan siya na nakasakay sa isang eroplano.

Sa pakikikipag-ugnayan ng mga nangangalaga kay Ivan sa pamunuan ng Mactan Cebu International Airport kasama ng ating mga kapulisan ng Mactan Cebu International Airport Police Station, Aviation Security Unit 7 at ng mga tauhan ng World Aviation Airlines ay agad na tinupad ang kahilingan ng bata.

Alas onse ng umaga noong Abril 5, 2022, lulan ng isang van, dumating si Ivan kasama nina Patrick Jumanil, National Director, Everlasting Hope Ministry Inc.; Dr. Marica Quingco, Volunteer Doctor; Yvea Latoza, Social Worker at Menchie Ros Mendez, NUP PRO 7 sa Mactan-Cebu International Airport at agad na dinala si Ivan sa General Aviation Area ng nasabing paliparan at dito natupad ang kanyang kahilingan na makakita at makasakay sa isang eroplano.

Lubos ang kagalakan sa mukha ng mga kasama niya dahil ito ang katangi-tanging hiling ng bata.

Nagpapasalamat naman ang mga nangangalaga kay Ivan sa lahat ng tumulong at nakibahagi para matupad ang munti niyang kahilingan. Isang simpleng kahilingan ngunit para kay Ivan, ito ay napakalaking bagay. *(Panulat ni PSSg Jerome Discion)*

# 8,000 tilapia fingerlings, naipamahagi sa tulong ng R-PSB sa Davao del Sur



**Davao del Sur - Namahagi ng 8,000 tilapia fingerlings ang Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Team Darapuay sa Peoples Organization (PO) sa Purok 6, Sitio Lower Mantalaki, Brgy. Darapuay, Bansalan, Davao del Sur, nito lamang Miyerkules, Abril 6, 2022.**


Sa pangunguna ni PLt Jergie Carumba, Team Leader R-PSB Darapuay ay matagumpay na naipamahagi ang tilapia fingerlings sa Santisima Fisher Folk Association na binuo ng R-PSB na siyang makatutulong sa grupo na mabuo at mapanatili ang kanilang napiling livelihood program.

Ang proyektong ito ay isa lamang sa Quick Impact Project (QIP) ng R-PSB Darapuay na malaki ang maitutulong sa organisasyon sapagkat ito ang isa sa kanilang magiging pagkakakitaan lalo na kapag napalago nila ito.

Dahil dito, sobra ang pasasalamat ng organisasyon sa pangunguna ni Ginoong Isabelo Meñiza, Presidente ng Santisima Fisher Folk Association sa R-PSB Darapuay dahil sa ganitong programa na kanilang ipinagkaloob sa mga tulad nilang kailangan ng suporta lalo na para sa kanilang hanapbuhay.

Patuloy naman ang ganitong proyekto ng PRO 11 sa ilalim ng R-PSB sa pagpapaabot ng tulong lalo na sa mga kababayan sa bawat Geographically Isolated and Disadvantaged Areas o GIDAS upang maitawid ang pangangailangan ng kani-kanilang pamilya. *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan Andrade)*

# Stroller para sa PWD handog ng R-PSB sa Davao City




**Davao City - Napagkalooban ng stroller ang isang Person with Disability (PWD) handog ng Revitalized-Pulis sa Barangay Cluster 10 sa Purok 6, Barangay Tibuloy, Toril District, Davao City, nito lamang Biyernes, Abril 8, 2022.**

Sa ilalim ng "Hatid Tulong Program" ng R-PSB Cluster 10 ay masayang tinanggap ni Ginang Veronica Alcarez, 60, at isang biyuda ang stroller na para sa kanyang anak na may kapansanang anak na si Jan Dexter Alcarez, 29.

Sa pangunguna ni PLt Edmund Siarot, Team Leader; kasama sina Mr. Elias Bermejo at Mrs. Jasmin Bermejo at private stakeholders ay naisakatuparan ang kahilingan ni Ginang Alcarez na magkaroon ng baby stroller na gagamitin para sa kanyang anak na halos buong buhay nito ay hindi makalabas ng kanilang bahay.

Bukod pa dito, nagbigay rin ang R-PSB ng basic essential supplies tulad ng personal hygiene products, adult milk, diaper, vitamins, bigas, canned goods at pera bilang tulong sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Nag-uumapaw naman ang saya at pasasalamat ni Ginang Alcarez sa kanilang natanggap na biyayang hatid ng R-PSB dahil sa pamamagitan nito ay hindi na mahihirapan ang anak nito na makapasyal man lang sa labas ng bahay upang makita o mapagmasdan ang kagandahan ng paligid na nilikha ng Maykapal.

Patuloy pa rin ang paghahatid ng PNP sa pamamagitan ng R-PSB ng tulong sa ating mga kababayang hindi nabibigyang pansin lalo na sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAS). *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan Andrade)*

# 12 Menor de edad nailigtas ng PNP; 2 traffickers arestado



**Hagonoy, Taguig City – Nasagip ang labindalawang menor de edad sa dalawang arestadong traffickers sa isinagawang Anti-Trafficking in Person entrapment and rescue operations ng mga alagad ng batas nito lamang Martes, Abril 5, 2022.**


Kinilala ni PBGen Edgar Cacayan, Chief ng Women and Children Protection Center, ang dalawang suspek na sina Wilma Carambas y Caadan, 39, at Rowena Ruiz y Carambas, 33.

Ayon kay PBGen Edgar Cacayan, bandang 1:45 ng hapon nang masagip sa Secret Haven Vacation Home, Bay Breeze Executive Village, Barangay Hagonoy, Taguig City sa pinagsanib puwersa ng WCPC-TCITF, LFU, Taguig CPS, at Child and Social Development Organization ng Taguig City.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9208 o Anti-Trafficking in Persons Act of 2003.

"Kailangan ng wastong koordinasyon at kooperasyon para maprotektahan ang mga bata mula sa pang-aabuso at pagsasamantala. Sinusuportahan ng pamunuan ng SPD ang pagsugpo sa online na sekswal na pang-aabuso at child trafficking na bumibiktima sa mga menor de edad sa ating lipunan," ani PBGen Macaraeg. *(Panulat ni NUP Loreto B Concepcion)*

# Barberong sangkot sa Sextortion, arestado ng PNP-CIDG




**Iloilo City- Arestado ang isang barberong sangkot sa Sextortion sa entrapment operation ng PNP-CIDG sa Iloilo City nito lamang Martes, Abril 5, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Joseph Ian Lofranco, Regional Chief, CIDG Field Unit 6, ang naarestong suspek na si Francisco Dagonoy Boteja, lalake, 36, barbero, single, residente ng Brgy. Pamuringaw Proper, Cabatuan, Iloilo.

Ayon kay PCol Lofranco, humingi ng tulong ang complainant sa CIDG Iloilo City Field Unit hinggil sa umano'y sextortion na pinagbantaan siya ng kanyang dating nobyo na magpapakalat ng mga eskandalo nitong video at larawan kapalit ng pakikipagtalik. Humihingi din ng Php100,000 ang suspek. Nagbanta pa ito na papatayin kung hindi pagbibigyan ang kanyang mga kahilingan.

Ayon pa kay PCol Lofranco, naaresto ang suspek bandang 1:20 ng hapon sa Queens Court Drive Inn Motel, Brgy. Bolilao, Mandurriao, Iloilo City sa ikinasang entrapment operation ng mga operatiba ng CIDG Iloilo CFU 6 katuwang ang Mandurriao Police Station 5.

Nakumpiska mula kay Boteja ang dalawang pirasong Php500 bill, 24 na pirasong Php500 bill na nagkakahalaga ng Php12,000 bilang boodle money, isang unit ng black Oppo cellphone, dalawang valid ID (Philhealth at National ID).

Ang suspek ay nasa kustodiya ng CIDG Iloilo CFU 6 at sasampahan ng patong-patong na kasong Robbery Extortion, Grave Threat at Grave Coercion (Sextortion).

Lubos ang pasasalamat ng biktima sa PNP sa agarang aksyon na kanilang ginawa upang mahuli ang dati nitong nobyo. *(Panulat ni Police Master Sergeant Leah Lyn Q Valero)*

# Menor de Edad na Wanted sa kasong Robbery with Homicide, arestado sa Tacloban City


Tacloban City – Arestado ang isang menor de edad na wanted sa kasong Robbery with Homicide sa isinagawang operasyon ng pulisya ng Tacloban City nito lamang Martes, Abril 5, 2022.

Kinilala ni Police Major Winrich Laya Lim, Police Station 2 Commander, Tacloban City Police Office, ang naaresto na si alyas "Gevie", menor de edad, residente ng Brgy. 49 Youngfield, Tacloban City.


Ayon kay PMaj Lim, nahuli si alyas Gevie sa Barangay 1 & 4, Trece Martires, Tacloban City sa bisa ng Warrant of Arrest na ikinasa ng mga operatiba ng Police Station 2, Tacloban City Police Office.

Ayon pa kay PMaj Lim, nakumpiska mula sa suspek ang isang pirasong brown sling bag na naglalaman ng isang unit ng 38 caliber revolver, isang pirasong 38mm ACP live ammunition at maliit na itim na kahon na naglalaman ng tatlong pirasong sachet ng hinihinalang shabu.

Maliban sa kasong murder, ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10591 kaugnay ng Comelec Resolution 10728 (Gunban) & Art. II sec. 11 ng RA 9165 na ngayon ay nasa kustodiya ng PS2 bago i-turn over sa court of origin. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*



# Korean Fugitive, arestado sa Cebu City sa kasong Fraud




**Cebu City- Arestado ng PNP at Bureau of Immigration ang isang puganteng Korean National na wanted sa kasong Fraud sa Cebu City nito lamang Biyernes, Abril 1, 2022.**

Kinilala ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos, ang naarestong suspek na si Jun Myung Ho, 52, Korean National at may standing Warrant of Arrest sa kasong Fraud na inisyu mula sa korte ng Korea.

Ayon kay PGen Carlos, si Ho ay naaresto bandang 9:30 ng umaga sa Luisa Subd., Brgy. Banilad, Cebu City ng mga operatiba ng Bureau of Immigration Fugitive Search Unit, Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Cebu CFU at ng Korean National Police Agency.

Ayon sa record ng BI, isang International Police Organization Red Notice Control No. A-2057/3-2022 ang inisyu laban kay Ho noong March 9, 2022 na nagsasaad na ang akusado ay may Warrant of Arrest sa inisyu ng Daegu District Court sa kasong Fraud, sa paglabag ng Article 347-(1) ng Criminal Act ng Republic of Korea.

"Tinitiyak namin sa mga miyembro ng International Police Organization na ang ating kapulisan ay laging handang magbigay ng tulong para arestuhin itong mga overstaying na dayuhang kriminal na pinaghahanap ng batas sa kanilang sariling mga bansa at nagdudulot ng panganib sa seguridad ng publiko" ani PBGen Carlos. *(Panulat ni PMSg Leah Lyn Q Valero)*

# PNP CHIEF @ UR SERBIS



Ni PGen Dionardo B Carlos

## Mas pinalakas na kampanya laban sa ilegal na droga

Patuloy ang ating hanay sa kampanya laban sa iligal na droga. Hinding-hindi tayo huminto sa pagsasagawa ng mga operasyon, bagkus ay lalo pa nating pinaiigting ang pagsasagawa nito. Nagkaroon man tayo ng pandemya pero hindi tayo tumigil para mahuli ang mga taong sangkot sa bentahan ng mga ipinagbabawal na droga.

Patunay dito ay ang matagumpay na operasyon laban sa iligal na droga ng ating mga pulis sa Central Luzon na kung saan ay mahigit 20 milyong halaga ng shabu ang kanilang nakumpiska mula sa dalawang big time dealers sa Nueva Ecija. Sa tulong ng PDEA at iba pang law enforcement agency, at sa impormasyon ng impormante ay naging matagumpay ang buy bust operation noong Abril 6, 2022 sa Barangay Sumacab Este, Cabanatuan City.

Maliban dito, naging matagumpay din ang operasyong isinagawa ng mga operatiba ng Cebu City Police Office kasama ang iba pang pulis sa pagkakakumpiska ng mahigit tatlong milyon halaga ng shabu mula sa tatlong high-value individuals sa barangay Guadalupe, Cebu City.

Samantala, naging matagumpay din ang isinagawang clearing operation ng clandestine marijuana plantations sa Barangay Tulgao West, Tinglayan, Kalinga. Sa operasyon ito na isinagawa noong Abril 7, 2022 ay nasa 10,500 full grown marijuana plants, 15,000 grams ng marijuana plants dried plants, at 5,000 grams ng marijuana seeds mula sa 2,100 square meter, na may kabuuang halaga na mahigit apat na milyon, na nadikubre, sinira at sinunog ng pinagsanib na elemento ng pulisya sa PRO Cordillera at PDEA.

Nasundan pa ito ng kaparehong operasyon sa Barangay Tacadang, Kibungan, Benguet noong Abril 10 na kung saan ay 30 kilo ng dried marijuana stalk na mayroong mahigit tatlong milyong halaga ang nadiskubre at sinunog ng Benguet 1st Provincial Mobile Force Company.

kasama rin sa ating accomplishment sa iligal na droga ng ating hanay ang matagumpay na buy bust operasyon ng pinagsanib na pwersa ng PNP Drug Enforcement Group, PDEA NCR, Bureau of Customs, NCRPO Intel Division, at mga operatiba ng QCPD sa Corner Examiner Street, Quezon Avenue, Quezon City noong Abril 12. Mahigit 12 kilo ng shabu na may standard drug price na 81.6 milyong piso. Kinilala ang suspek na drug distributor sa Quezon City, Region 3 at Region 4A.

Ilan lang ito sa mga matatagumpay na operasyon ng ating hanay nitong nagdaang araw. patunay lamang ito na tuloy-tuloy tayo sa pagpuksa at paghuli sa mga taong sangkot sa iligal na droga. Ngunit, hindi natin maisasakatuparan ang mga ito kung hindi rin sa pakikipagtulungan ng ating mga kababayan.

# EDITORYAL

## Kagitingang taglay, bayaning tunay

Buong bansa ay nakiisa sa paggunita ng Araw ng Kagitingan nitong ika-9 ng Abril. Noong Abril 9, 1942, nakipagbakbakan ang mga sundalong Pilipino kasama ang mga Amerikanong sundalo para maidepensa ang Corregidor pero hindi pa rin umubra sa puwersa ng mga Hapon. Libong Pilipino at Amerikanong sundalo ang namatay habang ipinagtatanggol ang Bataan.


Walang katumbas na halaga ang kagitingang ipinamalas ng mga sundalo noong World War 2 partikular ang mga nagtanggol sa Bataan. Katulad ng ating mga Pilipinong sundalo, hindi rin matatawaran ang kagitingan ng ating mga kapulisang nagbuwis ng buhay upang mapalaya ang bansa mula sa panganib ng iligal na droga, terorismo at iba pang krimen.

Kasabay ng pagsaludo ng buong hanay ng pambansang pulisya sa ating mga bayaning namayapa at buhay pa na nagtanggol sa Inang bayan laban sa mga mana¬nakop, nagbibigay pugay din tayo sa ating mga kapulisang na buong giting na ginampanan ang kanilang pangunahing mandato upang magsilbi at pumrotekta sa bayan at ating mga mamamayan.

Libo-libo na sa ating mga kapulisan ang nag-alay ng kanilang sarili habang nagseserbisyo sa bayan. Nitong linggo lamang ay isa na namang pulis na kinilalang si Patrolman Harvie Lovino Jr. ang nagbuwis ng buhay dahil sa patraydor na pag-atake ng mga teroristang komunista habang ang mga kasama naman nito ay lubhang nasugatan. Sina Patrolman Lovino Jr. at kanyang mga kasama ay mga miyembro ng PNP Retooled Community Support Program. Ito ang programang naglalapit ng mga pangunahing serbisyo ng mga ahensiya ng gobyerno sa mga malalayong pook at upang hikayatin ating mga kababayan na suportahan ang mga programa ng gobyerno.

Sumasaludo din tayo sa kagitingan ng ating mga pulis na doctor at nurse sa hindi matatawarang serbisyo at pangunguna sa pagtugon sa pandemya. Kahit pa malaking banta sa kanilang kalusugan at buhay ay patuloy lamang sila sa pagtulong sa mga dinapuan ng COVID-19. Ang kawalang-pag-iimbot, dedikasyon at katapangan na ipinakita ninyo sa panahon ng krisis pangkalusugan ay naglagay sa inyo sa parehong liga ng ating mga pambansang bayani na nag-alay ng sukdulang sakripisyo upang palayain ang ating bansa mula sa mga dayuhang mapang-api.

Sa ating mga kapulisan na patuloy na tumutugon sa anumang hamon ng panahon at laging maaasahan sa anumang unos, bagyo man, pandemya at kahit pa may banta ng kapahamakan dulot ng mga terorista at mga kriminal saludo kami sa inyo. Saludo kami sa inyong kagitingan at sa araw-araw na pakikipaglaban at pagpapakita ng pagmamahal sa ating bayan. Kayo ang sumasalamin sa mga tunay na bayani ng kasalukuyan.



# THE PNP CORRESPONDENT

Ni: PEMS Eric B. Fernandez

## "1,160 strong PNP-RSSF contingent, sasailalim sa apat na Linggong pagsasanay para sa nalalapit na 2022 National and Local Elections"

Kasunod ng pag-recall sa may 16,820 Uniformed Personnel ng Philippine National Police na sumasailalim sa Mandatory Career Courses and Field Training Program na idedeploy para sa "2022 National and Local Elections (NLE)", mayroon naman na 1,160 miyembro ng PNP-NHQ Reactionary Standby Support Force (RSSF) ang nagsimula na rin ang Apat na Linggong pagsasanay bilang isa sa paghahandang-pangseguridad ng Pambansang Pulisya para sa darating na halalan sa susunod na buwan.

Ang pagbubukas ng seremonya ng 2022 NLE Training for RSSF Members ay ginanap noong Biyernes (Abril 8) sa PNP Transformation Oval, Camp Crame, Quezon City na pinangunahan naman ni PLtGen Ferdinand O Divina, kasalukuyang Deputy Chief PNP for Operations (TDCO) at siya rin ang tumatayong Commander Security Task Force for 2022 National and Local Elections.

Ayon kay PLtGen Divina, bilang isa sa mga deputized law enforcement agencies ng Commission on Elections (COMELEC), marapat lamang anya na ating gampanan ang isang mahalagang papel para sa 2022 NLE, kung kaya't ang nasabing pagsasanay ay kinakailangan upang suriin o ma-i-update ang kaalaman ng ating mga pulis sa mga umiiral na regulasyon, batas, at mekanismo upang mapangalagaan ang proseso ng halalan na may layuning tiyakin ang isang mapayapang halalan na walang halong pandaraya pati na rin ang pagpapanumbalik ng tiwala at kredibilidad sa proseso ng elektoral.

Paalala pa ni PLtGen Divina sa lahat ng ating mga pulis, isagawa anya ang mga tungkulin sa halalan at alalahanin ang mga pangunahing obligasyon ng bawat pulis na manatiling apolitical at laging magbigay ng propesyonal, mabilis, mahusay, at magalang na pagtugon sa isang lehitimong kahilingan ng mamamayan para sa serbisyong dekalidad. Hinihikayat din niya ang ating mga pulis na seryosohin ang nasabing pagsasanay na ito dahil tiyak na ito ay gaganap ng malaking papel sa ating sinumpaang pananagutan sa pagpapatuloy ng isang mapayapa, tapat, at patas na Pambansa at Lokal na Halalan. *(With reports from PCpl Nechaell Carmie Hadjula, PNP PIO).*


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Sino ang iyong Bayani?

Isang mapagpalang araw po sa ating lahat. Hindi natin kayang sukatin ang lalim at lawak ng pag-ibig ng Panginoong Diyos sa ating lahat. Sa Kanyang patuloy na pag-iingat sa at at pagbibigay ng lahat ng ating pangangailangan.

Sino ang iyong superhero o bayani?

Noong bata tayo ay madalas nating napapanood sa telebisyon ang mga super heroes. Masaya nating ikinu-kwento sa ating mga kalaro ang paborito nating superhero at kadalasan ay ginagaya natin sila katulad ng: pagtatali ng tuwalya sa leeg at ginagaya natin ang kanilang mga galaw at kilos.

Naalala niyo pa ba ang “Star Ranger”, “Power Ranger”at iba pa?

Ito ang mga pinapalabas noong dekada otsiyenta at nobenta . May mga pagkakataon na ginagaya natin sila at ang gusto natin ay makabili tayo ng mga damit na suot nila. Napanood natin si Superman, Batman, Spiderman, Captain America at iba pa. Ang lahat ng kanilang ginagawa ay labanan ang kasamaan, ipagtanggol ang mundo laban sa masasamang loob. Sa panonood natin ng kanilang pelikula ay ipinapakita na ang kasamaan ay laganap sa buong mundo. May mga tao at masasamang loob na gumagawa ng kasamaan para sa pansariling kapakanan. Sa mga unang takbo ng eksena ay may mga pagkakataong natatalo sila ng masama. Ngunit sa bandang huli ay magwawagi. Katotohanan na itinuturo sa atin na ang kasamaan ay hindi magtatagumpay.

“Sa masasamang balak nilang gawin laban sa kanya, walang anumang magtatagumpay sa mga plano nila.” Mga Awit 21:11 (MBB)

Ilang beses ng naranasan ng ating bansa na tayo ay sakupin at alipinin ng mga banyaga. Mga panahong wala tayong kalayaan na gawin natin ang nais natin para sa ating sarili. Mga pagkakataong naranasan ang pangaapi, pag-abuso at pagkamkam ng ari-arian at lupa na dapat ay para sa mga mamamayang Pilipino.

Ang inyo pong lingkod ay taos pusong nagpapasalamat sa ating mga bayani na nag-sakripisyo na ialay ang kanilang buhay alang-alang sa kalayaan ng ating inang-bayan. Hindi sila nag-alintana na suungin ang panganib, gutom at lamig ng hamog at ulan maipagtanggol lamang ang ating bansa laban sa mga dayuhan.

Para sa ating mga bayani na nagbuwis ng buhay para sa kasarinlan at kalayaan ng bansang Pilipinas, Saludo po ako sa inyong katapangan! Isang karangalan para sa akin na ako ay maging isang Pilipino. Taos pusong inaawit ang “Lupang Hinirang” na may dangal na ang huling talata ay, “Ang Mamatay ng Dahil sa Iyo”.

Handa ka bang mabuhay at mamatay upang ipagtanggol ang Republika ng Pilipinas laban sa mga dayuhan?

Handa ka bang tuparin ang huling talata ng “PNP Lingkod Bayan”, “Ihandog ang Iisang buhay.”

Saludo po tayo sa ating mga kabaro na inalay ang kanilang buhay sa pagtatanggol ng ating demokrasya. Sila ay mga bayani na ang kanilang mga ginawa ay mananatili sa ating puso at kasaysayan. Sa mga “Frontliners” na patuloy na naglilingkod laban sa Covid-19.

Salamat sa ating mga magulang na nag-sakripisyo upang maitaguyod ang ating pag-aaral upang magkaroon ng magandang kinabukasan. Salamat kay kuya at ate na nagpunta sa ibayong dagat para makatulong sa pamilya. Sa ating kaibigan na sinamahan tayo sa gitna ng matinding krisis at pandemya. Salamat sa aming mga guro na nag-tiyaga at nagturo sa atin upang magtagumpay tayo.

Sino ba ang iyong bayani?

Kung buhay pa sila, maaari niyo silang kilalanin at pasalamatan. Mas mainam na marinig nila mula sa ating labi ang ating pagkilala sa kanila habang sila ay nabubuhay.

Sino ang iyong bayani?

## Pulis patay, 5 sugatan sa pag-atake ng NPA sa Northern Samar

Tacloban City, Northern Samar - Nasawi ang isang pulis at lima ang sugatan kabilang ang dalawang pulis at tatlong sundalo sa pananambang ng komunistang teroristang grupo na New People’s Army sa Brgy. San Miguel, Las Navas, Northern Samar, ngayong araw ng Lunes, Abril 4, 2022.

Kinilala ni Police Brigadier General Bernard Banac, Regional Director ng Police Regional Office 8, ang nasawing pulis na si Patrolman Harvie Cortez Lovino, 30, residente ng San Isidro, Northern Samar at ang mga sugatan naman ay sina Patrolman Rico Borja, Patrolman Leandro Luciano Bulosan, Army Corporal Arvin Papong, Private First Class Whilydell Jic Rodona at Private First Class Wilmer del Monte.

Ayon kay PBGen Banac, bandang 1:00 ng madaling araw ay patungo ang grupo ng pulis at sundalo sa Osang Village sa Catubig, Northern Samar bilang parte ng Community Support Program (CSP) nang sila ay pasabugan ng Improvised Explosive Device (IED) ng teroristang grupong NPA at sinundan naman ito ng palitan ng putok ng baril ng dalawang panig kaya’t agad na tumakas ang mga rebeldeng grupo.

Ayon pa kay PBGen Banac, ang naturang engkwentro sa pagitan ng tropa ng gobyerno at ng teroristang grupong NPA ay agad na ikinasawi ni Pat Lovino at ang limang sugatan naman ay agad na dinala sa Catarman Doctors Hopistal.

Ang mga kapulisan na biktima ng ambush ay mga miyembro ng 1st Police Mobile Force Company ng Rehiyon 8 na nakatalaga sa bayan ng Catubig at ang mga sundalo naman ay kabilang sa 20th Infantry Battalion na nakatalaga naman sa Las Navas, Northern Samar.

Iniatas ni PBGen Banac nitong Lunes ang all-out pursuit operation laban sa grupo ng mga komunistang rebelde na nasa likod ng ambush.

“I have already directed the conduct of checkpoints in adjacent areas and a check on all nearby hospitals and escape routes as part of the pursuit operations. We condemn this attack and we will surely file cases against those responsible” ani PBGen Banac.

## 4 CTG members patay sa engkwentro sa Talakag, Bukidnon



**Talakag, Bukidnon- Patay sa engkwentro ang apat na miyembro ng Communist Terrorist Group nito lamang Miyerkules, Abril 6, 2022.**

Kinumpirma ni Police Colonel Jun Mark Lagare, Provincial Director ng Bukidnon Police Provincial Office na dakong 5:30 ng hapon naganap ang engkwentro sa Km 24, Brgy. Tikalaan, Talakag, Bukidnon sa pagitan ng Communist Terrorist Group at ng tauhan ng 1st Special Force Battalion; MIG-10 at MIG-15 ng ISAFP; 1004th Maneuver Company; Regional Mobile Force Battallion-10 at Talakag Municipal Police Station.

Kinilala ni PCol Lagare ang apat na nasawi na sina alyas bloom / wong / kulay; alyas CJ / Zelong / Jovy / Tiga; alyas Tata / Tungol at alyas Kian / LJ / Yanyan.

Dagdag pa ni PCol Lagare, na narekober mula sa apat na terorista ang dalawang unit ng M16 rifle; isang M653 rifle; isang R4 Carbine; na pawang mayroong 15 live ammunitions sa loob ng magazine; tatlong kulay itim na bandolier na may anim na long steel magazine with 20 live ammunitions.

Narekober naman sa pinangyarihan ng engwentro ang dalawang M16 rifle at tatlong M16 rifle with defaced serial numbers, isang M203 GL, isang R4 Carbine, dalawang M1 Garand rifles at isang M1 Grand rifle with defaced serial number, isang M14 rifle, 19 long steel magazine, walong M203 Tube ammunitions, 13 Garand Clip, anim na M14 Magazines, anim na AK47 CC Magazine, dalawang bandila ng National Democratic Front, tatlong handheld radios, dalawang keypad cellphones, at walong itim na bandoliers.

Ayon pa kay PCol Lagare, narekober din ang pitong backpacks at dalawang sling bags na naglalaman ng iba’t ibang medical supplies; isang pirasong external memory; 792 rounds M16 live ammunitions; 89 rounds M14 rifle live ammunitions at 124 rounds of Garand rifle live ammunitions.

Ang Pambansang Pulisya ay patuloy na nananawagan sa pagsuko at pagbalik-loob sa gobyerno ng mga miyembro ng kaliwang grupo upang wakasan ang karahasan at terorismo tungo sa maunlad at nagkakaisang bansa. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*



# PBGen Banac, bumisita at nagbigay pugay sa burol ng dalawang pulis na nasawi sa N. Samar ambush



**Las Navas, Northern Samar - Bumiyahe sa Northern Samar si PBGen Bernard Banac, Regional Director ng PRO 8 nitong ika-7 ng Abril 2022 para bisitahin ang burol nina Patrolman Harvie C Lovino, Jr at Patrolman Rico J Borja ng 1st Northern Samar Provincial Mobile Force Company (NSPMFC) na parehong namatay sa isang insidente ng pananambang kamakailan sa pamamagitan ng paggamit ng Anti-Personnel Mine (APM) na ginawa ng mga miyembro ng CTGs sa paligid ng Brgy. San Miguel, Las Navas, Northern Samar noong Abril 4, 2022.**

Si PBGen Banac ay personal na nagpaabot ng pakikiramay sa mga nagdadalamhating pamilya nina Pat Lovino, sa Poblacion Norte, San Isidro, Northern Samar at sa pamilya naman ni Pat Borja sa Caimito St. Brgy, Daganas sa Catarman sa parehong probinsya.

Nagbigay-pugay si PBGen Banac sa dalawang nasawing pulis at ginawaran ang mga ito ng posthumous award na "Medalya ng Kadakilaan" bilang pagkilala sa kahanga-hangang pagpapakita nilang kabayanihan para sa ating bayan.

Nagpaabot din ito ng tulong pinansyal sa mga naulilang pamilya, kabilang din sa tumulong ay ang opisina ng Regional Executive Senior Police Office sa pamumuno ni PEMS Gerardo Batula, RESPO, PRO 8 at ang opisina ng PSMBFI.

Bagamat nagluluksa rin, hinimok ni PBGen Banac ang mga naulilang pamilya na manatiling matatag at huwag matakot sapagkat kasama nila ang PNP sa pagkamit ng hustisya para sa mga nasawi nilang mahal sa buhay. Tiniyak pa niya na hindi sila titigil sa kanilang kampanya upang tugisin ang mga bandidong grupo na may pasimuno ng naturang pananambang. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*

# PNP Community Outreach on Wheels umarangkada sa Malay, Aklan



**Malay, Aklan - Nagsagawa ng tatlong magkakahiwalay na feeding program ang mga tauhan ng Malay Municipal Police Station sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Don Dicksie De Dios, Chief of Police, nitong Miyerkules, Abril 6, 2022, sa mga kabataan ng Malay, Aklan.**

Katuwang ng Police Community Relations personnel ng Malay MPS sa pagsagawa ng naturang aktibidad ang Co-Owner ng Boracay Koryo Restaurant na si Mr. Zohan Cho at ang General Manager nito na si Mr. Bong Arban.

Umabot sa 25 na kabataan ang nabigyan ng masustansiyang pagkain sa Manocmanoc Elementary School, samantala 50 naman sa Sitio Tulubhan ng parehong barangay at 30 naman sa Sitio Bolabog sa Brgy. Balabag.

Layunin ng nasabing programa na matulungan at mahatiran ng mga pangunahing pangangailangan ang naturang komunidad na sa ngayon ay paunti-unti ng bumabawi sa krisis na naidulot ng COVID-19.

Tiniyak naman ng Malay MPS na hangga't may nangangailangan pa sa kanilang nasasakupan patuloy silang maghahanap ng pamamaraan upang makapag-abot ng kahit anong uri ng tulong sa kanila.

# PNP sinimulan na ang Ligtas SumVac 2022



Camp Crame, Quezon City - Inilahad ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos kaninang umaga, Abril 4, 2022 sa kanyang Press Conference sa Kampo Crame ang pinaigting na Border Control Points sa buong bansa ngayong panahon ng kwaresma at summer vacation bilang pagsunod sa Ligtas SumVac 2022.

Ang Ligtas Sumvac 2022 ay inilunsad noong Marso 16, 2022 bilang paghahanda at pagbibigay seguridad sa ating mga kababayan lalo na sa kanilang pagdagsa sa mga simbahan at lugar na pagbabakasyunan.

Kasabay ng pagbaba ng Quarantine restrictions, pinaalalahanan ni General Carlos ang ating mga kababayan na sumunod pa rin sa Minimum Health Standard Protocols dahil mahigpit pa rin umanong ipapatupad ng Pambansang Pulisya ang alituntuning ito.

Dahil halos mag-new normal na ang bansa, dumarami na naman ang mga masasamang loob na nagkalat sa kalye gaya ng magnanakaw o mandurukot sa mga matataong lugar kaya't mas dinagdagan pa ng PNP ang kanilang pwersa upang magkaroon ng police visibility at tuloy-tuloy na pagpapatrolya sa mga pampublikong lugar.

"We are now going to the new normal but yung implementasyon natin diyan ay mayroon pa rin tayong pagsunod sa Minimum Health Standard Protocols, pagdating naman sa convergence, public places and terminals, definitely mayroon tayong established police assistance desk or police assistance center para may presence kaagad ang pulis, we can immediately patrol", sabi ni General Carlos.

Mahigpit din ang pulisya sa pagbabantay sa mga political rallies ng mga kandidato na madalas ding dagsain ng kani-kanilang mga tagasuporta.

Sinigurado naman ni Carlos na ang hanay ng PNP ay laging handa upang makapagbigay ng public and safety service sa pamamagitan ng security package na akma sa operational guidelines ng organisasyon. *(Panulat ni PCpl Jhoanna Marie N Delos Santos)*

# District Joint Peace and Security Coordinating Council, idinaos ng PNP



**Greenhills, San Juan City - Idinaos ng Eastern Police District sa pamumuno ni PBGen Orlando Yebra, Jr. ang 5th District Joint Peace and Security Coordinating Council noong Biyernes ng hapon, Abril 8, 2022 sa Promenade Mall, Greenhills, San Juan City.**

Ang nasabing pagpupulong ay pinangunahan ni Atty. Dinah A. Valencia, Chairwoman, DJPSCC at dinaluhan ng Election Officers ng apat na lungsod ng Metro-East, Commanders ng JTF-NCR mula sa AFP, EPD Command Group, COPs PaMaMariSan CPS, D-Staff, personnel ng DOPD at San Juan CPS, mga kinatawan mula sa AFP, MMDA, COMELEC, BFP, BJMP, DEpEd at iba pang ahensya ng gobyerno at pribadong ahensya.

Nakatuon ang DJPSCC sa mga update at paghahanda para sa pagsasagawa ng isang ligtas at mapayapang Pambansa at Lokal na Halalan 2022 sa loob ng Metro East area. *(Panulat ni NUP Loreto B Concepcion)*




# Pulis at Militar, tinambangan ng mga CTGs sa Northern Samar




**Camp Crame, Quezon City – Nagpaabot ng taos-pusong pakikiramay si PNP Chief, Police General Dionardo Carlos sa pamilya ni Patrolman Harvie Lovino Jr, 30, na napatay sa insidente ng pananambang sa Las Navas, Northern Samar na umano'y ginawa ng Communist Terrorist Group (CTG) dakong 1:00 ng umaga, noong Abril 4, 2022.**

Si Lovino ay nakatalaga sa 1st Provincial Mobile Force Company at residente ng San Isidro, Northern Samar.

"Hustisya ang hinahanap ng PNP. Ang pagkamatay ng isang peace officer at tagapagtanggol ng mga tao ay hindi dapat mawalan ng kabuluhan. Nag-utos ako para sa mabilis na pagsisiyasat sa kasong ito upang matukoy ang may responsibilidad," sabi ni Carlos.


Patungo sana ang grupo sa istasyon matapos matanggap ang kanilang COVID booster shot nang tambangan sila at mga militar gamit ang Improvised Explosive Device (IED) sa Barangay San Miguel.


Dalawa pang tauhan ng PNP na si Patrolman Rico Borja at Patrolman Leandro Bulosan ang nasugatan kasama ang tatlo pang miyembro ng AFP na sina Cpl Arvin Papong, Pfc Whilydel Jic Rodona, at Pfc Wilmer Del Monte.


Dahil sa pangyayari, mariing kinondena ni Gen Carlos ang paggamit ng IEDs ng mga CTGs sa pananambang sa mga PNP at militar sa nasabing lugar.


Nagsagawa ng province-wide pursuit operation laban sa mga suspek, at lahat ng katabing istasyon ng pulisya ay inatasan na magsagawa ng checkpoint sa paghahanap sa mga armadong lalaki na tumakas matapos ang madugong insidente.


"Inutusan din namin ang mga kaugnay na establisyimento, kabilang ang mga ospital na alertohan ang mga otoridad kung sakaling makatagpo sila ng mga kahina-hinalang indibidwal," sabi ni PGen Carlos. *(Panulat ni Police Master Sergeant Leah Lyn Q Valero)*



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Kapiling na lamang ay Alaala

Ang mga holdaper ay salot ng lipunan. Sapilitang kinukuha ang ari-arian ng isang tao at kadalasan ay gumagamit nang dahas upang tangayin ang mga bagay na kanilang gusto. Wala ring halaga sa kanila ang buhay ng kanilang kapwa tao. Materyal na bagay lamang ang mahalaga para sa kanila.

Tungkulin naman ng isang Pulis ang ipagtanggol at protektahan ang mamamayan laban sa krimen, sa mga holdaper at sa lagim na inihahasik ng terorismo. Malinaw ang misyon na ito kay Police Executive Master Sergeant (PEMS) Roel Candido, 53 anyos, may-asawa at nakatalaga sa Meisic Police Station 11 ng Manila Police District. Isang misyon na handa niyang itaya ang kanyang buhay upang ipagtanggol ang mamamayan laban sa mga kriminal.

September 19, 2020, bandang alas 5:40 ng hapon sa kahabaan ng Florentino St., Sta Cruz, Maynila, naganap ang isang pangyayari na humamon sa komitment ni PEMS Candido bilang isang alagad ng batas. Sakay ng isang kotse ang may-ari ng isang jewelry shop na si Catherine King, 43 anyos, Vibsia Caneta, 20 anyos at Sulficio Pisngot, 63 anyos nang biglang humarang sa kanilang daraanan ang isang kotseng Mirage na kulay pula. Lumabas ang tatlong lalaki mula sa sasakyan at agad na pinagbabaril ang behikulo ng tatlong biktima.

Kitang-kita ni PEMS Candido ang nagaganap na pamamaril na nagkataong nandoon din sa lugar at nakasakay sa kanyang motorsiklo. Bilang isang pulis, hindi siya nag atubili na saklolohan ang mga tinambangan. Hindi niya napansin ang mga suspek na estratehikong nakaposisyon na sa paligid. Pinagbabaril ng mga holdaper ang pulis na tinamaan sa ibat-ibang bahagi ng katawan. Umagos ang dugo ni PEMS Candido sa lansangan ng Maynila na ilang dekada niyang ipinagtanggol laban sa mga kriminal. Hindi pa nakuntento sa ginawang pamamaslang, kinuha pa ng isang holdaper ang service firearm ni PEMS Candido.

Tinangay din ng mga kriminal ang tatlong bag sa loob ng kotse na nauna nang hinarangan. Naglalaman ang mga ito ng perang kinita mula sa jewelry shop, cellular phones at mga personal na gamit. Tumakas sa direksyon ng Soler Street ang mga holdaper.

Isinugod agad sa ospital ang tatlong sakay ng kotse upang malapatan ng lunas. Naiwan sa lansangan ang bangkay ni PEMS Roel Candido, isang pulis at ama ng tahanan na naliligo sa sariling dugo. Dugo niya ang ipinanghugas sa dumi at alikabok ng aspaltadong gubat, dugong pinag-alab nang adhikaing ipagtanggol ang buhay at kapakanan ng mamamayan.

Iniwan ni PEMS Candido ang kanyang mahal na asawa at mga anak na ang tanging mayayapos na lamang ay ang walang hanggang pagmamahal ng isang ama at mga masasayang alaala nang pagkalinga at pagmamahal sa Diyos, Bayan at Pamilya.

# Kagitingan: Iisang Buhay Para sa Bayan

**Ang kasiguraduhan ng kinabukasan ng bawat musmos na supling, kapanatagan ng loob ng isang ina, ama, at kapatid na nangangambang naghihintay sa pag-uwi ng kanyang anak at kapatid ay nakasalalay sa kahusayan ng isang lider na masigurado ang pag-uwi ng bawat isa nang buhay sa kani-kanilang tahanan.**

Pebrero 17, 1991. Nangyari ang tila walang katapusang sampung oras na pakikipagbuno sa karit ni Kamatayan ng mga kapulisan na pinamunuan ni Police Colonel Elmar B. Sillador (Ret.) na buong kagitingang nagpakita ng kanilang kabayanihan na ipagtanggol ang bansang Pilipinas laban sa mga teroristang patuloy na sumisiil sa kapayapaan at demokrasya ng ating bayan.

Pinangunahan ni PCol Sillador (Ret.) ang 426th Mobile Force Company para madepensahan ang district headquarters ng PNP sa Sitio Tagmalinao, Barangay La Purisima sa bayan ng Cagwait, Surigao del Sur nang atakihin sila ng higit-kumulang 500 miyembro ng New People's Army na armado ng malalaking baril at pampasabog.

Pinalibutan ng armadong rebelde ang kampo at walang habas na pinaulanan ng bala at pinasabugan ang kampo na nagresulta sa pagkasira at pagkasunog ng mga gusali na nagbibigay proteksyon sa mga kapulisan.

Ngunit walang pag-iimbot sa sarili niyang ginampanan ang kanyang tungkulin bilang Officer-in-Charge nang panahon na iyon. Hindi niya ininda ang walang habas na liparan ng bala at pagsabog mula sa mga kalaban upang makapunta sa hanay ng mga kasamahan para personal na alamin ang kaganapan at kanilang kalagayan.

Sa loob ng halos sampung oras na engkwentro na walang pagkain at tubig, nanatiling nakatindig at determinadong lumaban ang mga kapulisan hanggang dumating ang tulong militar mula sa panig ng pamahalaan na nagresulta sa pag-atras ng mga kalabang NPA.

Nagtapos man ang engkwentro nang may nagbuwis ng buhay, sugatan at pamilyang di na kailanma'y mabubuo, ang kanilang buhay ay hindi naglaho nang walang saysay. Samantala, hindi lingid na ang pinakitang kumpiyansa at katapangan ni PCol Sillador (Ret.) sa kanyang pamumuno ang nagbigay-daan upang mapagtagumpayang tumindig ng hanay laban sa rebeldeng teroristang grupong NPA at mapanatili ang kaligtasan ng lahat.

Magpasagayunpaman, ang kapuri-puring pagganap na ipinamalas ni PCol Sillador (Ret.) sa gitna ng maladelubyong pangyayari ang naghatid sa kanya upang makamit ang karangalan bilang pinaka-unang miyembro sa hanay ng Philippine National Police na magawaran ng Medalya ng Kagitingan.



Ang Medalya ng Kagitingan ay ang pinakamataas at pinakaprestihiyosong medalya na iginagawad ng PNP sa hanay ng Kapulisan na nagpamalas ng hindi maitatanging katapangan at walang takot sa pagharap sa panganib sa buhay higit man ito sa ginagampanang tungkulin.

Ang kadakilaang ipinamalas ni PCol Sillador (Ret.) ay nagsisilbi at magsisilbing inspirasyon sa buong hanay ng PNP sa pagsasagawa ng kani-kanilang responsibilidad maging sa mga nangangarap ding maging miyembro ng PNP.

Samantala, patuloy pa ring naninilbihan sa bayan sa kabila ng kanyang mandatory retirement noong ika-9 ng Mayo 2018 bilang miyembro ng Bless Our Cops Movement at kamakailan lamang ay nanumpa bilang isa sa Advisory Council ng Police Community Affairs and Development Group noong ika-29 ng Marso ng taong 2022.

# Pulis na sugatan sa pag-atake sa Nothern Samar, pumanaw na




**Tacloban City - Pulis na sugatan matapos tambangan ng hinihinalang grupong NPA sa lalawigan ng Northern Samar ay binawian na ng buhay nitong Martes, Abril 5, 2022.**

Kinilala ni Police General Bernard Banac, Regional Director, PRO 8, ang nasawing pulis na si Patrolman Rico Borja, 31, residente ng Brgy. Daganas, Catarman, Northern Samar at miyembro ng 1st Northern Samar Provincial Mobile Force Company (PMFC) na nakatalaga sa bayan Catubig bilang parte ng Community Support Program.

Ayon kay PBGen Banac, si Borja ay pumanaw bandang 9:45 ng gabi ng Martes, Abril 5, 2022 sa Northern Samar Provincial Hospital sa bayan ng Catarman matapos magtamo ng maraming sugat sa iba't ibang parte ng katawan.

Si Borja ay isa sa mga sugatan sa hanay ng PNP kasama ang isa pang pulis at tatlong sundalo na dinala sa ospital dahil sa pinsala ng pagsabog at engkwentro sa pagitan ng New People's Army sa Barangay San Miguel, Las Navas noong Abril 4, 2022 na agad ikinasawi ng isa sa miyembro ng PNP na si Patrolman Harvie Lovino Jr.

Si PBGen Banac ay nagpaabot ng kanyang lubos na pakikiramay sa pamilya ni Patrolman Borja.

"Taos-puso kaming nakikiramay sa pamilya ni Patrolman Borja para sa kanyang hindi napapanahong pagkamatay. Ang kanyang katapangan sa pag-una sa serbisyo kaysa sa anumang bagay ay ginagawa siyang isang tunay na bayani. Alam kong walang makakatumbas sa kanyang biglaang pagkawala pero sigurado ako na mabibigyan ng hustisya sa tamang panahon," saad ni PBGen Banac.

Ang PNP sa pamumuno ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ay inatasan ang Police Regional Office 8 na magsagawa ng province wide pursuit operation sa Northern Samar upang mahuli ang mga teroristang grupo na responsible sa pagkamatay ng dalawang pulis. *(Panulat ni Police Master Sergeant Leah Lyn Q Valero)*

## Pulis patay sa Anti-illegal Gambling Operation sa Laguna, suspek arestado

Pangil, Laguna - Patay ang isang pulis sa Anti-illegal Gambling Operation sa Laguna habang naaresto ang suspek sa manhunt operation ng mga pulisya nitong Linggo, Abril 3, 2022.

Kinilala ni Police Colonel Cecilio Ison Jr., Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office, ang namatay na pulis na si Police Chief Master Sergeant Gilbert Briz, 42, residente ng Brgy. Del Carmen, Alaminos, Laguna at ang suspek na si Ronilo Oliveros Ruben, alyas Babap, 33, residente ng Brgy. Sulib, Pangil, Laguna.

Ayon kay PCol Ison Jr., bandang 10:10 ng umaga nagsagawa ng Anti-Illegal Gambling Operation ang mga pulisya ng Pangil Municipal Police Station sa Brgy. Sulib, Pangil, Laguna nang naagaw ni Ruben ang baril ni PCMS Briz at naiputok agad sa pulis na naging sanhi ng kanyang kamatayan.

Bandang 6:57 ng hapon nang maaresto si Ruben sa Brgy. 4 Quinale, Paete, Laguna sa follow-up at manhunt operation ng pinagsanib na puwersa ng Pangil MPS, Siniloan MPS, Paete MPS at Mabitac MPS.

Narekober sa suspek ang baril ni PCMS Briz na Tanfoglio 9mm, isang mint green/black Rusi Motorcycle na walang plaka at isang black cellular phone.

Ang Pambansang Pulisya ay mahigpit na kinokondena ang ganitong krimen laban sa mga kapulisan.

Sinigurado ng organisasyon na mabigyan ng financial assistance at ibang pribileheyo ang naiwang pamilya ni PCMS Briz. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*

# CPNP: Pinaalalahanan ang hanay na tumalima at sumunod sa lahat ng polisiya ng PNP



**Camp Crame, Quezon City - Mariing pinaalalahanan ni Philippine National Police Chief, Police General Dionardo Carlos, ang buong hanay ng kapulisan na sumunod at isapuso ang bawat pulisiya ng Philippine National Police, sa kaniyang mensahe sa katatapos lamang na Traditional Monday Flag Raising Ceremony nitong umaga ng Lunes, Abril 4, 2022.**

Aniya, "From me, as your Chief PNP, down to the Patrolman and Patrolwoman on the ground. Let us follow the instructions and the directives of the Commander in Chief. So, I always relay that to you."

Sa kaniyang pahayag, ibinida rin niya at pinasasalamatan ang mga kapulisan sa mga significant accomplishments nito mula Enero hanggang Marso na ayon sa kaniya ay napakagandang performance ng PNP base sa mandato nito.

Pinuna niya rin ang iilang pasaway sa hanay, aniya: "Nagpeperform po ang ating Pulis (PNP), the one that is distracting us, yan po yong ating ina-aksiyonan kaagad through the CIDG, and the leadership at different levels."

"They are not representing us on the daily basis, it is your good accomplishment, your performance that is captured on a day-to-day basis by the official reports and the data we have," dagdag pa niya.

Kasabay ring isinagawa ang pagbibigay pagkilala sa mga tauhan ng PNP Drug Enforcement Group sa matagumpay na operasyon nito na nagresulta sa pagkahuli sa isang Foreign National at pagkasabat ng higit 13 milyong piso na halaga ng shabu.

Samantala, tiniyak naman ni Police General Carlos na mananatiling bukas ang himpilan lalo na sa mga lokal na komunidad na tanggapin at bigyang pansin ang kahit anumang hinanaing nila.

## 9 CTG members sumuko sa Sorsogon PNP

**Juban, Sorsogon - Sumuko ang siyam na miyembro ng Communist Terrorist Group sa Sorsogon PNP nitong Huwebes, Abril 7, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Jonnel Estomo, Regional Director ng Police Regional Office 5, ang mga sumuko na kinabibilangan ng kalihim ng Gabriela - Sorsogon na si alyas Kim at anim na miyembro ng Larangan 1, Komite ng Probinsiya 3 at dalawang kasapi ng Milisya ng Bayan.

Ayon kay Police Brigadier General Estomo, dakong 1:30 ng hapon sumuko ang mga rebelde sa Barangay Rangas, Juban, Sorsogon sa pakikipag-ugnayan sa Sorsogon Provincial Police Office at Philippine Army.

Ayon pa kay Police Brigadier General Estomo, isinuko din ng mga rebelde ang isang kaliber .38 pistol, pitong bala at isang MK2 hand grenade.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Estomo, ang pagsuko ng mga rebelde ay bunga ng walang humpay na Retooled Community Support Program ng pamahalaan.

Ang mga sumukong rebelde ay nakatakdang isailalim sa debriefing session upang sila ay mapabilang sa mga mabibigyan ng tulong sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program o E-CLIP.

Hinikayat ng mga PNP at PA ang mga mamamayan sa Sorsogon na tuldukan ang problema ng insurhensiya sa probinsya sa pamamagitan ng pagsuko sa otoridad o pagbalik-loob sa pamahalaan para magkaroon ng mapayapa at maayos na pamumuhay sa piling ng kanilang pamilya. *(Panulat ni Patrolman Rodel Grecia)*

## Labi ng pinatay na NPA nahukay sa Davao de Oro



**Davao de Oro - Nahukay ang labi ng hinihinalang NPA na pinahirapan umano ng mga komunistang teroristang grupo na New People's Army sa Sitio Bagtok, Brgy. San Vicente, Montevista, Davao de Oro, nito lamang Lunes, Abril 4, 2022.**

Naging matagumpay ang paghuhukay sa mga buto sa pangunguna ni PLt Rodien Hormigas, Team Leader ng Revitalized Pulis sa Barangay Cluster 21 sa pamumuno ni PCol Leonard Luna Provincial Director, Davao de Oro Police Provincial Office.

Gayundin sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan na rin sa R-PSB Cluster 3 sa pamumuno ni PLt Ramil Anthony Maxey; tauhan ng Davao de Oro 1st PMFC sa pangunguna ni PLtCol Darwin Dura, Force Commander; 25th IB at opisyales ng Brgy. San Vicente.

Ayon kay PLt Hormigas, ang biktima ay hinihinalang napagkamalang intel ng sundalo dahilan upang ito ay patayin ng mga NPA na maaaring binaril sa ulo dahil sa nakitang butas sa bungo nito.

Kaagad na dinala ng R-PSB team ang mga nahukay na buto sa San Vicente Public Cemetery para mabigyan ng disenteng libing.

Dagdag pa ni PLt Hormigas, nadiskubre ang nasabing pinaglibingan sa tulong at testimonya ng isang dating kasapi ng rebeldeng grupo na nagbalik-loob sa gobyerno at mga residente ng nasabing lugar na sinasabing dating kampo ng NPA.

Ang pagkakahukay sa nasabing labi ay nagpapakita lamang ng aktibong kooperasyon at pakikipag-ugnayan ng komunidad sa PNP upang ilantad ang kalupitan ng komunistang teroristang grupo. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara)*

## 8 miyembro ng Milisyang Bayan arestado ng Paquibato PNP

**Davao City - Arestado sa kasong murder at 2 counts of frustrated murder ang walong miyembro ng Milisyang Bayan ng mga operatiba ng Paquibato PNP sa bisa ng Warrant of Arrest, nito lamang Miyerkules, Abril 6, 2022.**

Kinilala ni Police Major Joenel Pederio, Station Commander ng Paquibato Police Station 7, ang mga suspek na sina Jerry Oblianda Madrona, 49; Rodrigo Laydan Enlog, 60; Roldan Banatao Enlog, 30; Ramel Raganas Barwado, 47; Emeliano Dela Peña Navarro, 40; Henry Jauban Catayas, 31; Reynante Lindo Ayag, 36; at Juvelyn Prietos Gualdajara, 40; na pawang mga residente ng Brgy. Paquibato Proper at Brgy. Paradise Embac, Paquibato District, Davao City.

Ayon kay PMaj Pederio, naaresto ang mga suspek sa Purok Perfect Harmony, Malabog, Paquibato District, Davao City ng pinagsanib na puwersa ng Paquibato Police Station 7, City Intelligence Unit (CIU), 3rd Platoon City Mobile Force Company (CMFC), Regional Intelligence Unit (RIU) 11, Revitalized-Pulis sa Barangay Paquibato, 1104th at 1105th MC RMFB 11.

Samantala, pinuri naman ni Police Regional Office 11, Regional Director, PBGen Benjamin Silo Jr. ang matagumpay na operasyon ng PS 7 kung saan isa lamang sa patuloy na pagsisikap ng pamunuan upang hulihin ang lahat ng wanted person sa rehiyon kabilang na ang mga teroristang grupo. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara)*

# Php20M halaga ng shabu nakumpiska; 2 suspek arestado ng Nueva Ecija PNP



**Cabanatuan City, Nueva Ecija – Tinatayang Php20,400,000 halaga ng shabu ang nakumpiska ng mga PNP sa dalawang suspek sa Nueva Ecija noong Abril 6, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Matthew Baccay, Regional Director ng Police Regional Office 3, ang dalawang suspek na sina Sittie Pindatun y Mimbisa, 30 at Nor-an Bilal y Hajinor, 26.

Ayon kay PBGen Baccay, naaresto ang dalawang suspek sa Lakewood Subdivision, Brgy. Sumacab Este, Cabanatuan City, Nueva Ecija ng pinagsanib na puwersa ng Provincial Drug Enforcement Unit/Provincial Intelligence Unit Nueva Ecija Police Provincial Office, Criminal Investigation and Detection Group PFU Nueva Ecija, Philippine Drug Enforcement Agency-Regional Office 3 Nueva Ecija, Cabanatuan City Police Station, 1st and 2nd Provincial Mobile Force Company, Regional Intelligence Division 3 at Regional Drug Enforcement Unit 3.

Ayon pa kay PBGen Baccay, nakumpiska sa dalawang suspek ang dalawang smart cellular phone, dalawang pirasong green plastic tea bag at sampung piraso ng transparent plastic na naglalaman ng pinaghihinalaang shabu na may timbang na 3 kilo at tinatayang may katumbas na halaga na Php20,400,000.

Ang dalawang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang Central Luzon PNP ay patuloy sa pagsasagawa ng mga operasyon kontra ilegal na droga upang masugpo ang paglaganap nito sa rehiyon at walang buhay ang mapariwara lalo na sa mga kabataan. *(Panulat ni Police Corporal Maria Elena S Delos Santos)*

# Php3.6M shabu nasabat; suspek, patay sa PNP Operation sa Cebu City



**Camp Sergio Osmeña, Cebu City - Tinatayang Php3,638,000 na halaga ng shabu ang nasabat sa suspek na kumpirmadong patay sa shootout sa pagitan ng Cebu City PNP nito lamang Huwebes, Abril 6, 2022.**

Kinilala ni PBGen Eduardo Roque Vega, Regional Director, PRO7 ang suspek na si alyas "Ralf" hindi niya tunay na pangalan, isang High Value Individual, residente ng Barangay Tisa, Cebu City.

Ayon kay PBGen Vega, bandang 10:20 ng gabi habang nagsasagawa ng beripikasyon at balidasyon sa suspek ang mga tauhan ng City Drug Enforcement Unit, Cebu City Police Office ay nauwi ang operasyon sa shootout na nagresulta sa pagkakabaril sa suspek.

Nakuha mula sa suspek ang 535 gramo ng hinahinalang shabu na may tinatayang halaga na Php3,638,000, at isang pistol firearm na may kasamang magazine.

Ang suspek ay nagtamo ng tama ng baril at dineklarang patay ng mga rumespondeng medical team.

Ang Cebu City PNP ay puspusan ang ginagawang kampanya laban sa kriminalidad at ilegal na droga sa tulong ng mga miyembro ng komunidad na patuloy ang tiwalang binibigay sa mga alagad ng batas. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

## Php3.5M halaga ng shabu, nasabat sa Cebu City; 3 High Value Individual, arestado



**Cebu City – Nasabat ang tinatayang Php3,570,000 na halaga ng shabu sa tatlong High Value Individual na nasakote ng Cebu City PNP nito lamang Huwebes, Abril 7, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ernesto Salvador Tagle, City Director, Cebu City Police Office, ang mga naarestong suspek na sina Iveen Migabon Pedrano, 23, residente ng Brgy. Guadalupe, Cebu City; Eugene Belamia Arces, 22, residente ng Brgy. Pasil, Cebu City; at Bernadeth Malubay Baslag, 23, residente ng Brgy. Tisa, Cebu City.

Ayon kay PCol Tagle, nasakote ang mga suspek pasado alas 4:00 ng hapon sa Sitio Banawa, Brgy. Guadalupe, Cebu City sa pinagsanib na buy-bust operation ng mga operatiba ng City Drug Enforcement Unit ng CCPO at PDEA.

Ayon pa kay PCol Tagle, ang tatlong naaresto ay kabilang sa watchlist ng High Value Individual ng rehiyon 7.

Nakumpiska sa mga nahuli ang 10 pakete ng hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na 525 gramo at may Standard Drug Price na Php3,570,000.

Ang mga akusado ay kasalukuyang nasa Costudial Facility ng Cebu City Police Office para sa tamang proseso at disposisyon.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Tinitiyak ng Cebu City PNP na kanilang ipagpapatuloy ang maayos at epektibong pamamaraan upang supilin ang ano mang uri ng kriminalidad para sa nasabing bayan. *(Panulat ni Patrolman Edmersan P Llapitan)*

## Shabu na may halagang Php2.210M, nakumpiska sa PNP buy-bust sa Imus City, Cavite



**Imus City - Tinatayang Php2,210,000 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska sa isang babae sa buy-bust operation ng mga alagad ng batas nito lamang Sabado, Abril 2, 2022.**

Kinilala ni PCol Arnold Abad, Provincial Director ng Cavite Police Provincial Office ang naarestong suspek na si Johaira Ansar Hadjizaman alyas Jira, residente sa Blk 29, Lot 6, Brgy. Datu Esmael, Dasmariñas City.

Ayon kay Abad, bandang 7:45 ng gabi naaresto si Johaira sa Brgy. Medicion 2-F, Imus City, Cavite sa pinagsanib na pwersa ng PDEU Cavite PPO at Imus City Police Station.

Nakumpiska mula kay Hadjizaman ang higit kumulang 325 gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php2,210,000.

Mahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang nasabing suspek.

Tiniyak ni PCol Abad na pag-iigtingin din ang koordinasyon at ganap na ipapatupad ang kanilang mga mandato laban sa ilegal na droga. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Ronald V Condes)*

# Dalawang Gun Runner sa NegOcc, timbog ng PNP-CIDG



**Bacolod City - Arestado ang dalawang lalaking gun runner sa entrapment operation ng pulisya sa Bacolod City nito lamang Martes, Abril 5, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Joseph Ian Lofranco, Regional Chief, CIDG Field Unit 6, ang mga naarestong suspek na sina Lemuel Remulado Timtim alyas "Totong", 33, lalake, Security Guard, residente ng Purok Natures, Brgy. Alijis, Bacolod City at si Ricky Quindo Castro alyas "Jabo", 34, lalake, Security Guard, residente ng Sitio Pasil, Brgy. Enclaro, Binalbagan, Negros Occidental.

Ayon kay PCol Lofranco, si Timtim at Castro ay nahuli bandang 5:00 ng hapon sa Brgy. 10, Burgos Ext. Reclamation Area, Bacolod City sa entrapment operation (firearms buy-bust) ng mga operatiba ng CIDG Bacolod City Field Unit, katuwang ang Maritime Police Station at Bacolod City Police Office-PS1.


Ayon pa kay PCol Lofranco, nakumpiska mula sa mga suspek ang isang Php100 marked money, 40 pirasong boodle money na nagkakahalaga ng Php35,900, isang yunit ng Colt Cal. 45 pistol, isang yunit ng Caliber 38 revolver Smith and Wesson at isang pirasong magazine assembly para sa Cal. 45.

Dagdag pa niya, ang mga suspek ay miyembro ng Carmen Ville Group (bagong nakilalang Crime Group) na sangkot sa gun running activities sa Bacolod City at mga kalapit na bayan sa Negros Occidental sa ilalim ng IR No. CIDG6BAC-02-21-22-006.

Nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10591 at COMELEC Gun Ban ang dalawang suspek na nasa kustodiya ngayon ng CIDG Bacolod CFU.

Ang PNP-CIDG ay nananatiling nakatuon sa pagtataguyod ng batas at paglalagay ng mga masasamang elemento sa likod ng rehas at pinapalakas ang kampanya laban sa Organized Crime Group/ Criminal Gangs at Loose Firearms. *(Panulat ni Police Master Sergeant Leah Lyn Q Valero-PCADG)*

# Top 1 Most Wanted Person sa kasong Rape, arestado ng Bukidnon PNP



**Kibawe, Bukidnon – Arestado ang Top 1 Most Wanted Person (Municipal Level) sa kasong rape ng pinagsamang operatiba ng Bukidnon PNP nito lamang Lunes, Abril 4, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Jun Mark Lagare, Provincial Director ng Bukidnon Police Provincial Office, ang naarestong suspek na si Catalino Obenza Jr y Auxtero 30, magsasaka at residente ng P-1, Brgy. East, Kibawe, Bukidnon.

Ayon kay PCol Lagare, bandang 9:53 ng umaga naaresto si Obenza sa nasabing barangay ng pinagsamang operatiba ng Kibawe Municipal Police Station, Regional Special Operation Unit-10, Bukidnon 2nd Provincial Mobile Force Company, 1003rd Maneuver Company, at Regional Mobile Force Battalion 10.

Naaresto si Obenza sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong 2 Counts of Rape (Revised Penal Code 266-A), Qualified Rape through Sexual Assault, at Sexual Abuse (Under Sec. 5 of R.A No. 7610) at Lascivious Conduct Under Sec. 5 at walang nirekomendang piyansa.

Ang kapulisan ng Kibawe ay patuloy ang pagsisikap na maging ligtas ang kanilang nasasakupan sa mga kriminal at droga na siyang nakakasira sa kinabukasan ng kanilang mga nasasakupan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*



# Top 2 Provincial Most Wanted Person ng Quezon Province, naaresto sa Camarines Norte sa kasong Rape




**Jose Panganiban, Camarines Norte – Naaresto ang Top 2 Provincial Most Wanted Person ng Quezon sa kasong Rape sa Manhunt Charlie Operation ng mga pulisya sa Camarines Norte nitong Linggo, Abril 3, 2022.**

Kinilala ni Provincial Director, Police Colonel Julius Guadamor, Camarines Norte Police Provincial Office ang akusado na si alyas "Badong", 32, binata, isang minero at residente ng Barangay Camagong, Alabat, Quezon.

Ayon kay PCol Guadamor, bandang 12:20 ng hapon naaresto si Badong sa Barangay Osmeña, Jose Panganiban, Camarines Norte sa pinagsanib na puwersa ng Jose Panganiban Municipal Police Station at Alabat Municipal Police Station.

Ayon pa kay PCol Guadamor, si Badong ay nahaharap sa kasong 3 counts rape at walang inirekomendang piyansa.

Ang pulisya ng CamNor ay mas papalawakin at papaigtingin ang kampanya laban sa mga kriminalidad para mahuli ang mga taong lumalabag sa batas at mabigyan ng hustiya ang mga biktima. *(Panulat ni Patrolman Jomar Danao)*

# 2 Menor de edad arestado sa pagbebenta ng marijuana sa Davao City



**Davao City - Arestado ang dalawang menor de edad sa buy-bust operation ng tauhan ng PS13 Mandug Police Station sa Jacinto St., Purok 6, Brgy. 32-D, Davao City nito lamang Lunes, Abril 4, 2022.**

Kinilala ni PMaj Robel Saavedra, Acting Station Commander ng Mandug PS13, ang mga suspek na sina alyas "Bai" 15, at alyas "Tol" 16, na kapwa residente ng Brgy. 21-E, Boulevard, Davao City.

Ayon kay PMaj Saavedra, naaresto ang mga suspek matapos magpanggap na poseur-buyer ang isa sa mga tauhan ng nasabing istasyon.

Nakuha mula sa mga suspek ang dalawang pakete ng hinihinalang marijuana na may bigat na humigit kumulang na 5 gramo at may street market value na Php4,000 at marked money na ginamit sa nasabing operasyon.

Samantala, saad ni PBGen Benjamin Silo Jr., PRO11 Regional Director na hindi palalagpasin ang sinumang lalabag sa batas kahit pa ito ay isang menor de edad. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No.14 * Abril 2 - 8, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# KaligKasan sa Karagatan Project, inilunsad sa Bacacay




**Bacacay, Albay - Matagumpay na inilunsad ng Bacacay Municipal Police Station katuwang ang iba't ibang ahensya ng gobyerno, stakeholders at Advocacy Support Groups ang KaligKasan sa Karagatan Project na may temang "Coral Restoration and Mangrove Reforestation"' na ginanap sa Barangay Uson, Bacacay, Albay nitong Abril 3, 2022.**

Layunin ng programa na maitaguyod ang pangangalaga ng karagatan lalung-lalo na ang Marine resources tulad ng coral reef kung saan libo-libong mga isda ang naninirahan dito.

Nagsagawa din sila ng information drive sa mga mamamayan tungkol sa programa.

Nagkaroon din ng medical at dental mission upang siguraduhin at kumustahin ang mga kalusugan at mga iniindang sakit ng mga mamamayan sa lugar.

Namahagi din ng food packs, grocery items at mga hygiene kits para sa mga bata.

Pinangunahan ni Police Major Michael Lorrila, Hepe ng Bacacay PS ang pagpapakawala sa nahuli at isinuko na Sea Turtle kung saan pinangalanan itong "Bert" gayon din ang pagtatanim ng mga coral reefs sa karagatan.

Samantala, hinikayat ng pulisya ang mga mamamayan na pahalagahan ang likas na yaman sapagkat dito kumukuha ng pang-araw-araw na pangangailangan at pandagdag sa hanapbuhay ng mga residente. *(Panulat ni PCpl Shiear "Kye" Velasquez-Ignacio)*

# "PROJECT PAGBULIGAN: A Livelihood Training and Seminar Program", isinagawa ng PNP 2nd Capiz PMFC




**Tapaz, Capiz- Nagsagawa ng Community Outreach Program ang mga tauhan ng PNP 2nd Capiz Provincial Mobile Force Company ng "Project PAGBULIGAN: A Livelihood Training and Seminar Program" nito lamang Huwebes, Abril 7, 2022.**

Ang programa ay ginanap sa Brgy. Roxas, Tapaz, Capiz at naisakatuparan sa pamumuno ni PLtCol Ferjen Torres, Force Commander, na pinangunahan ni PLt Dennis Losbanes, Admin Officer at mga tauhan nito, katuwang ang 602nd Company ng RMFB 6.

Umabot sa 65 residente ng Brgy. Roxas, Tapaz, Capiz ang dumalo, nakilahok at sumailalim sa nasabing Livelihood and Skills Training upang matuto sa paggawa ng powder detergent at fabric conditioner.

Ito'y isa sa mga aksyon at naisipang solusyon ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas na makatutulong na maging progresibo at maunlad na mamamayan ng komunidad upang hindi ito madaling mahikayat ng mga kumunistang teroristang grupo. *(Panulat ni Pat Darice Anne Regis)*



# 20 CTG Surrenderees, sasailalim sa Livelihood Training ng Isabela PNP






**San Mariano, Isabela – Sasailalim ang 20 surrenderees ng Communist Terrorist Group sa inilunsad na 34-day Livelihood Training sa Sitio Lucban, Barangay Dibuluan, San Mariano, Isabela nitong Martes, Abril 5, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Jeffrey Raposas, Force Commander ng 1st Isabela Provincial Mobile Force Company katuwang ang Technical and Educational Skills Development Authority, Provincial Community Affairs and Development Unit, Isabela Police Provincial Office, mga opisyal ng barangay at ilang mga residente ng nasabing barangay.

Ayon kay PLtCol Raposas, ang mga dating rebelde ay magsasanay sa Shielded Metal Art Welding NC II.

Ang PNP at TESDA ay kapit-bisig na tulungan ang mga dating rebelde sa pagbabagong buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng maayos at marangal na trabaho. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*